TOMO 11 BILANG 4 | ISSN NO. 2599-5405 | ABRIL 2024

# SULONG

ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI




Page 2

BUKAS para sa LAHAT

Page 3




Page 4

# CARD MRI, INILUNSAD ANG BAGONG SAVINGS PRODUCT PARA SA MGA SENIOR CITIZEN

ni Josephine Ramos




*Kinilala ni Dr. Jaime Aristotle B. Alip, ang Founder at Chairman Emeritus ng CARD MRI, ang patuloy na serbisyo at suporta ng institusyon para sa mga senior citizen sa pamamagitan ng bagong savings product nito.*

Inilunsad ng CARD MRI Banking Group sa CARD MRI Basement, M. Paulino St., San Pablo City, Laguna ang bago nitong *savings product* — isang eksklusibong *savings account* para sa mga *senior citizen* noong Marso 18, 2024.

Binigyang-diin ni CARD MRI Founder and Chairman Emeritus Dr. Jaime Aristotle B. Alip ang kahalagahan ng mga *senior citizen* sa CARD MRI, "Dahil marami sa mga kliyente ng CARD ay nasa edad na ng 60 pataas, nagkaroon tayo ng isang *savings account* na eksklusibo para sa kanila. Sa pamamagitan nito, naipakikita natin sa kanila ang ating pagpapahalaga at pagsuporta gaya ng ating hangarin mula pa noong simula."

**Ang pagsisimula**

Sa pagbisita sa isang Indian Bank, nasaksihan nina Dr. Alip at ilang kasapi ng pamunuan ng CARD ang pagpapahalaga sa mga *senior citizen* gamit ang mga eksklusibong produkto sa bangko para sa kanilang mga pangangailangan. Dahil dito, bumuo sila ng *savings products* na tumutugon sa mga pangunahing pangangailangan ng mga nakatatanda na nagbibigay sa kanila ng pagkakataong kumita ng pera sa pamamagitan ng interes mula sa kanilang ipon.

**Para sa mga senior citizen**

Ang CARD Bank, Inc. ay nag-aalok ng Magalang Term Deposit; ang CARD SME Bank ay naghahatid ng *My Wealth Savings*; at ang CARD MRI Rizal Bank, Inc. naman ay nag-aalok ng Gabay Ipon Term Deposit. Dahil eksklusibo ito para sa mga *senior citizen*, mas mataas ang interes nito kumpara sa *regular time deposit rates* ng CARD Banking Group.

Ang nasabing *savings products* ay bukas para sa mga 60 taong gulang pataas at nangangailangan ng pinakamababang deposito na PHP 10,000.00.

Maliban sa *term deposits*, ang mga *senior citizen* ay may pagkakataong magbukas ng *regular savings account* sa My Life Savings sa CARD SME Bank sa halaga lamang na PHP200.00 deposito na may mas mataas na interes kumpara sa *iSave*.

Dahil dito, maaari nang magbukas ng *savings account* ang mga *senior citizen* sa pinakamalapit na sangay ng CARD Banking Group sa kanilang lugar.

Ang programa ay dinaluhan nina CARD MRI Managing Director Mr. Aristeo Dequito, CARD Bank President and CEO Ms. Marivic Austria, CARD SME Bank President and CEO Ms. Cynthia Baldeo, CARD RBI President and CEO Ms. Elma Valenzuela, P2

KWENTONG TAGUMPAY

## OPORTUNIDAD AT PANGARAP

ni Josephine Ramos



*Kasama ng kanyang dedikasyon, si Margie Quiamco ay nakipagsapalaran sa Maynila at naging isang mananahi. Ito ang kanyang unang naging hakbang patungong tagumpay.*

Nagmula sa probinsya ng Albay, si Margie Quiamco ay nangarap na maiangat ang kanilang pamilya mula sa kahirapan. Upang tuparin ito, nakipagsapalaran siya sa Maynila at natagpuan ang isang oportunidad para mabago ang takbo ng kanilang buhay. P2

## CARD MRI, NAGTANIM NG MGA PUNO SA MISAMIS OCCIDENTAL AT CAGAYAN

ni Edrian Banania





*Sama-samang nagtanim ng mga puno ng pandan ang mga kawani ng CARD MRI mula sa CARD, Inc. (A Microfinance NGO), CARD MRI Rizal Bank, Inc., CARD Pioneer Microinsurance Inc., at CARD MBA sa Cagayan De Oro.*

Muling nagtanim ang CARD Mutually Reinforcing Institutions (CARD MRI) ng 1,800 mga puno sa Misamis Occidental at Buguey, Cagayan noong Marso 9, 2024 bilang pagtugon sa pangangalaga sa kalikasan.

Sa pakikipagtulungan sa Department of Environment and Natural Resources (DENR), ang CARD MRI Rizal Bank, Inc., CARD, Inc. (A Microfinance NGO), CARD Pioneer Microinsurance Inc., CARD Mutual Benefit Association, Inc. (CARD P2

KOA-PINYON:

ANG PAG-IIPON AY LIKAS NA SA ATING MGA PILIPINO LALO'T HIGIT SA ATING MGA NANAY. PANINIWALA NGA NATIN, 'PAG MAY ISINUKSOK, MAY MADUDUKOT!



# CARD MRI, INILUNSAD ANG... P1

Senior Advisers, mga opisyal ng CARD MRI, kawani, at mga kliyente.

Samantala, nagbahagi naman sina Leonida Jawili at Luz Lalap, mga kliyente ng CARD Bank at CARD SME Bank, ng kanilang mga karanasan sa CARD MRI at pasasalamat sa bagong produktong inilunsad ng institusyon para sa mga *senior citizen* tulad nila.

"Bilang isang *senior citizen*, malaking tulong ang *savings product* na ito para sa mga katulad kong umaasa lamang sa pensyon. Dahil dito, makapag-iipon na ako habang kumikita sa pamamagitan ng interes nito," ani Leonida Jawili.

Hinikayat naman ni Luz Lalap ang iba pang nakatatanda sa kanilang komunidad na alamin at pag-aralan ang bagong *savings product* na inilunsad ng CARD MRI.

Simula Enero 2024, ang CARD MRI ay mayroon nang 9,257,701 mga kliyente sa buong bansa. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CARD MRI, bisitahin ang kanilang opisyal na Facebook page sa https://web.facebook.com/CARDMRIOfficial o ang kanilang *website* sa https://cardmri.com.

# CARD MRI, NAGTANIM NG... P1



*Nagtanim ng 800 bakawan ang mga kawani ng CARD MRI sa Misamis Occidental upang protektahan ang lokal na komunidad mula sa mga sakuna at pangalagaan ang kalikasan.*

MBA), at suportado ng CARD-Business Development Service Foundation, Inc. (CARD-BDSFI) ay nagtanim ng mga puno ng bakawan at pandan upang paunlarin ang komunidad habang pinangangalagaan at pinanunumbalik ang malusog na kapaligiran. Upang masigurong umuusbong ang mga itinanim na puno, bibisitahin ito ng CARD MRI kada tatlong buwan at palitan ang anumang patay na puno at halaman.

Gayundin, batay sa BSP Circular No. 1805 Series of 2020, ang nasabing pagtatanim ng mga puno ay nagtataguyod din sa *sustainable financing* na may mahalagang bahagi sa pagtupad ng *Sustainable Development Goals* (SDGs) ng CARD MRI.

Sa pagpapatuloy ng inisyatibong ito, nakapagtanim ang CARD MRI ng 800 mga puno ng bakawan sa Brgy. Casul, Sapang Dalaga, Misamis Occidental at mahigit 1,000 mga puno ng pandan sa Minanga Este, Buguey, Cagayan, na dinaluhan ng may kabuuang 233 mga kawani ng CARD MRI.

Para maisakatupran ang kompletong pag-unlad, ang CARD-BDSFI, isang institusyon ng CARD MRI na nakapokus sa pag-unlad ng agrikultura sa bansa, kasama ang iba pang institusyon sa ilalim ng CARD MRI, ay patuloy na nagsusumikap upang mapanatili ang pag-unlad hindi lamang sa pamamagitan ng paghahatid ng serbisyong pampinansyal kundi pati na rin sa mga programang pangkalusugan, edukasyon, kapaligiran, at mga programa sa komunidad na makatutulong sa pagpapalakas ng *ecosystem* laban sa pagbabago ng klima.

Sa kabuuan, mula pa noong Oktubre 2023, ang CARD MRI ay nakapagtanim na ng mahigit 4,000 mga puno sa mga lugar sa Mindoro, Zambales, Leyte, Cagayan, at Misamis Occidental.

# KWENTONG TAGUMPAY

## OPORTUNIDAD AT PANGARAP P1

Dahil siyam silang magkakapatid na umaasa sa maliit na kita ng kanilang mga magulang na pawang magsasaka, nakita ni Margie ang pangangailangan na mabigyan ng magandang kinabukasan ang kanilang pamilya.

Pagdating sa Maynila, nakasama ni Margie ang kanyang tiyahin na mahusay sa pananahi. Sa loob ng tatlong taon na kasama niya ito, pinag-aralan na rin niya ang sining ng pananahi. Mula sa mga pangunahing kaalaman sa larangan, unti-unti niyang pinalawak at pinaunlad ang kanyang kakayahan sa pananahi ng mga damit.

Dahil dito, nagtrabaho siya bilang mananahi sa isang pabrika at nakakuha ng mahigit isang dekadang karanasan bago magpasyang magtayo ng sariling negosyo sa pananahi.

Gamit ang kanyang naging ipon, sinimulan ni Margie ang pagkakaroon ng sariling negosyo. Mula sa pananahi ng mga uniporme sa mga empleyado ng mga *fast-food chain* at korporasyon, ngayon ay nananahi na rin siya ng mga uniporme ng iba't ibang paaralan. Sa kabila ng maraming pagsubok, nangibabaw ang dedikasyon at kahusayan ni Margie na naging daan upang magkaroon siya ng matatag na suporta mula sa kanyang mga kliyente.

Sa kasalukuyan, si Margie ay namamahala ng dalawang pwesto ng tahian na kanyang inuupahan at may anim na mga empleyadong nagpapatakbo sa kanyang 20 mga makina sa pananahi. Dalawa sa mga makinang ito ay kanyang nabili sa tulong ng *loan* niya mula sa CARD MRI Rizal Bank, Inc. (CARD RBI), isang *microfinance-oriented rural bank* sa ilalim ng CARD MRI. Kasalukuyang din siyang may *loan* sa bangko na PHP 30,000 na kanyang ginamit sa pagbili ng mga tela para sa kanyang negosyo.

Bilang isang biyuda, nanatiling matatag si Margie, "Ang layunin ko ngayon ay matiyak ang kinabukasan ng aking mga anak at apo," aniya. Sa katunayan, nagsisikap siyang mag-ipon para sa pagbili ng permanente at sariling tahanan.

Sa pag-unlad ng kanyang negosyo, nais ni Margie na higit pang magtagumpay habang ipinapakita ang kanyang dedikasyon.

# BIYAHENG TAGUMPAY

*ni Josephine Ramos*



*Matagumpay na ipinakilala ni Jennifer Suico at ng kanyang asawa na si Limwell Morales ang e-Bike sa kanilang komunidad, na naging simula ng kanilang tagumpay.*

Sa panahon ng pandemyang COVID-19, maraming negosyo ang labis na naapektuhan. Ngunit iba ang naging kwento ni Jennifer Suico mula sa lungsod ng Davao. Siya ay nakaranas ng bibihirang oportunidad para sa kanyang negosyo sa panahong ito.

Dahil sa pandemya, naging mahigpit ang paggamit ng mga tradisyonal na transportasyon sa kanilang komunidad, kaya't tumaas ang pangangailangan sa mga alternatibong pamamaraan. Ito ang naging pagkakataon ni Jennifer at ng kanyang asawa na si Limwell Morales na ipakilala ang *e-Bike* sa kanilang lugar.

Nagsimula ang mag-asawa sa dalawang *e-Bike* lamang. Dahil sa dominasyon ng padyak *tricycle* sa kanilang lugar, hindi ito agad tinanggap ng komunidad kasabay ng pagtutol mula sa TODA (Tricycle Operators and Drivers' Association). Gayunpaman, matapos ang ilang buwan, matagumpay na nasimulan nina Jennifer at Limwell ang kanilang operasyon ng *e-Bike*.

Dahil sa pagtaas ng popularidad ng *e-Bike*, nagpasya si Josephine na magdagdag ng higit pang mga *unit* at nagbenta na rin siya ng mga *unit* mula sa iba pang mga *operator*. Mula sa dalawang *units*, umabot na ito sa 17 mga *unit*. Sa pagbabago ng pamamaraan ng transportasyon, ang dating mga padyak *driver* ay naging kanyang mga *operator* kaya't nakapagbibigay na rin si Josephine ng hanapbuhay sa kanilang lugar.

Bukod sa *e-Bikes*, mayroon din silang tatlong paupahang bahay bilang karagdagang kita. Dahil sa pag-unlad ng kanilang negosyo, nakabili na sila ng lupa, napag-aral ang kanilang mga anak sa pribadong paaralan, at napaayos ang kanilang tahanan.

Sa kanyang paglalakbay bilang isang *entrepreneur*, binanggit ni Jennifer ang kahalagahan ng pag-aalaga sa sariling negosyo, "Napakahalaga na pangalagaan at paunlarin ang iyong negosyo dahil darating ang panahon ay matatamasa mo ang tamis ng tagumpay."

**Paglalakbay kasama ang CARD**

Sa loob ng mahigit 12 taong pagiging kliyente, naging katuwang na ni Jennifer ang CARD Bank. Sa katunayan, nagsilbi na rin siyang tulay sa pagitan ng bangko at ng komunidad sa pamamagitan ng pagiging isang konek2CARD P3

## BIYAHENG TAGUMPAY

P2

*agent*. Kasama ng iba pang *agent*, napadadali nila ang iba't ibang transaksyon gaya ng *cash transfers, loan payments, bill settlements,* at *e-loading*.

Ayon kay Jennifer, sa simula ay may mga kliyente na nagdadalawang isip gumamit ng konek2CARD dahil sa kanilang takot sa teknolohiya, ngunit kalaunan ay nakikita nila ang benepisyo nito, lalo na sa mga *weekend* at *holiday*.

Ang kwento ni Jennifer ay isang kwento ng katatagan, pagyakap sa pagbabago, at diwa ng pagtutulungan sa komunidad sa harap ng mga pagsubok.

# BUKAS para sa LAHAT

## CARD INDOGROSIR, MULING NAGBUKAS NG TATLONG SANGAY




Muling nagbukas ng tatlong sangay ang CARD Indogrosir Store upang maghatid ng mahusay, dekalidad, at abot-kayang presyo ng mga produkto para sa mga *retailer* at sari-sari *store owners* ng komunidad.

Ang tatlong sangay ay binuksan sa Brgy. Ibabang Dupay, Lucena City; Brgy. Maitim, Bay, Laguna; at sa Brgy. Rizalina, Mauban, Quezon noong Pebrero 23, Marso 8, at 15, 2024, ayon sa pagkakasunod-sunod.

Abangan ang mga susunod pang pagbubukas ng CARD Indogrosir Store sa iba't ibang panig ng bansa.

## CARD MBA, NAGBUKAS NG BAGONG SANGAY SA NORTH COTABATO AT ROMBLON




Inilunsad ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) ang ika-90 at ika-91 na Provincial Office nito sa lalawigan ng North Cotabato at Romblon noong Marso 5 at 18, 2024, ayon sa pagkakasunod.

Ang CARD MBA ay bahagi ng CARD MRI na naglalayong magbigay ng abot-kayang seguro sa mga miyembro nito. Mayroon ng 24,184,745 nakasegurong mga indibidwal at kabuuang PHP 18,999,753,366.84 na *accumulated claims* ang CARD MBA noong Enero 2024.

Matatagpuan ang bagong opisina nito sa Purok Rosas, Poblacion 8, Midsayap, North Cotabato at maglilingkod sa 54,455 mga miyembro mula sa CARD, Inc. (A Microfinance NGO) at CARD Bank, Inc; at sa Festin St. Sitio Torrel, Brgy. Dapawan, Odiongan, Romblon at maglilingkod naman sa kabuuang bilang na 43,386 na mga miyembro mula sa CARD, Inc. (A Microfinance NGO).

## PAGPAPAUNLAD NG MGA MAMBABASA: KOA KAFE, NAGTUNGO SA CEBU

*ni Harlene Joy Reyes*



*Masayang tumanggap ng Koa kit ang 34 na mga batang aktibong nakilahok sa storytelling activity na isinagawa ng Koa Squad mula sa CARD Publishing sa Oslob, Cebu (itaas na larawan) at Ginatilan, Cebu (ibabang larawan).*

Nagtungo ang Koa Kafe, isang *pop-up event* ng CARD MRI Publishing House sa probinsya ng Cebu noong Marso 21-22, 2024. Layunin nitong ipakita ang kahalagahan ng pagbabasa para sa komunidad ng CARD MRI.

Ang Koa Kafe ay nagmula sa *Philippine Eagle Owl mascot* ng CARD Publishing na kilala bilang "Koa the Kwago" na patuloy na umiikot sa iba't ibang probinsya sa Pilipinas upang magbahagi ng mga programa at positibong kwento na magpapabuti sa pamumuhay ng komunidad at magpapaunlad ng kanilang kasanayan sa pagbabasa.

Sa nasabing programa, nagsagawa ang Koa Squad ng *storytelling activity* para sa mga anak ng miyembro ng CARD MRI, tampok ang *storybook* na "Si Ellie at ang ibong Siwit" na nagpapakita sa kahalagahan ng pag-aalaga sa kalikasan. Ito ay ginanap sa Ginatilan at Oslob sa Cebu, kung saan may kabuuang 34 na mga bata ang aktibong nakilahok sa *storytelling*, pagkukulay, at tumanggap ng *Koa kit* na naglalaman ng *notebook*, lapis, krayola, pambura, Ang Magic Alkansya ni Carding at Si Ellie at ang ibong Siwit *coloring books*.

Samantala, ang Koa Kafe sa CARD, Inc. Ginatilan ay dinaluhan ng 29 na mga kliyente ng CARD MRI at masayang nakibahagi sa mga aktibidad na inihanda ng CARD Publishing. Nakatanggap din ang mga ito ng libreng kape, *juice*, at Indomie *noodles* mula sa Mga Likha ni Inay. Nabigyan din sila ng CARD MRI 2024 Calendar at History of San Pablo: Reviewed, Rewritten, and Retold book, isang libro ng CARD Publishing.

"Dahil naniniwala ang CARD Publishing na ang pagbabasa ay gabay sa ating paglalakbay patungo sa magandang kinabukasan, patuloy tayong maghahatid ng mga kaalaman at inspirasyon sa ating komunidad sa pamamagitan ng Koa Kafe *pop-up event*," ani CARD MRI Publishing House President Marilyn Manila.

Abangan ang mga susunod pang pag-ikot ng Koa Kafe sa iba pang bahagi ng bansa. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CARD Publishing, bisitahin lamang ang opisyal na Facebook page nito sa @PublishingHouseInc.

SULONG ANG PAHAYAGANG PANGKAUNLARAN NG CARD MRI
EDITORIAL BOARD

Dr. Jaime Aristotle B. Alip
Aristeo A. Dequito Marilyn M. Manila
Editorial Advisers

Cyrene Grace DC. Lubigan
Editor-in-Chief

Jeffrey C. Tandingan
Associate Editor

Albert A. Dayag
Ervin M. Calabia
Layout Artists

Edrian B. Banania
Harlene Joy F. Reyes
Josephine M. Ramos
Mary Rose A. Javier
Writers




# KWENTUNAY

*Mga Kwentong Tunay mula kay Nanay*



## TARA, MAGTANIM NG OYSTER MUSHROOM KASAMA SINA TITA GIRLY AT TITO RANDY!

Sa kabila ng kaalaman at karanasan sa larangan ng elektronika sa ibang bansa, bumalik si Girly Salvador sa Pilipinas upang mapaunlad ang kanyang kakayahan sa larangan ng negosyo kasama ng kanyang asawa na si Randy, na isa ring kliyente ng CARD SME Bank tulad niya. Dala ang maraming inspirasyon, nakamit nila ang tagumpay sa pagtatanim at pagpapalaki ng *oyster mushrooms*.

Mula kay Tita Girly at Tito Randy, narito ang gabay sa pagtatanim ng *oyster mushrooms*:

**Sangkap at materyales na kailangan:**

1. Kusot ng kahoy
2. *Rice bran* o Darak
3. Asukal
4. *Lime* o Apog
5. Binhi ng kabute
6. *Fruiting Bag* o Sako
7. *Pipe*
8. Goma o *rubber band*

**Proseso na kailangan:**

1. Mag-compost ng kusot ng kahoy sa loob ng 15 araw.
2. Matapos mag-compost, ihalo ang mga sangkap gaya ng darak, asukal, at apog. Lutuin ito sa kalan at apoy sa loob ng 22 oras.
3. Matapos ang 22 oras, palamigin ito at taniman ng binhi ng kabute.
4. Maaari itong ilagay sa *fruiting bag* o ilagay sa sako kapag ito ay hindi pa gagamitin. Siguraduhing sisik ang pagkakalagay nito.
5. Lagyan ng *pipe* ang bibig ng *fruiting bag* o sako at itali ito sa pamamagitan ng goma o *rubber band*. Ito ang magiging daanan ng mga bunga nito.
6. Matapos nito, dalhin ito sa *brewing house*, isang pasilidad kung saan nilalagay ang mga *fruiting bag* na may lamang binhi ng kabute para patubuin.
7. Intaying mamunga ang mga *oyster mushroom* sa loob ng 30 hanggang 40 araw.
8. Patuloy itong mamumunga sa loob ng apat na buwan.
9. Ulitin ang buong proseso.

Sa iyong pagtatanim ng *oyster mushrooms*, tiyak na magbubunga ito ng masayang karanasan at masarap na pagkain! Kaya't tara, samahan sina Tita Girly at Tito Randy at tara magsimula nang masayang pagtatanim!

# CROSSWORD PUZZLE


Subukan mo na ang iyong kaalaman mula sa iyong mga nabasang kwento at impormasyon mula sa Sulong 11 bilang 4 at manalo ng **PHP 100.00** load via konek2CARD!

Upang manalo, sundin lamang ang mga patnubay na ito:

1. Siguraduhing nabasa nang mabuti ang nilalaman ng isyung ito bago magsimulang sagutan ang crossword puzzle.
2. Basahin sa ibaba ang mga pangungusap na naglalarawan sa mga salitang iyong ilalagay sa mga kahon ng Crossword Puzzle.
3. Kuhanan ng litrato ang iyong nabuong Crossword Puzzle at ipadala sa Facebook page ng CARD MRI Publishing House sa **@PublishingHouseInc**, kasama ng inyong name, center name, institusyon, at cellphone number.

Ang unang sampung (10) magpapadala nang tamang sagot hanggang **May 30, 2024** ang makatatanggap ng papremyo.

Sali na!




**Pababa:**

1. Anong sining ang pinag-aralan ni Margie Quiamco na kanyang pinalawak at pinaunlad hanggang sa nagkaroon siya ng sariling negosyo?
3. Ito ay isang modernong transportasyon na ipinakilala ni Jennifer Suico at ng kanyang asawa na si Limwell Morales sa kanilang lugar.
7. Inilunsad ng CARD Mutual Benefit Association (CARD MBA) ang ika-90 at ika-91 na tanggapan sa lalawigan nito sa North Cotabato at _________ noong Marso 5 at 18, 2024.

**Pahalang:**

2. Ang tatlong CARD Indogrosir Store ay nagbukas sa mga probinsya ng Laguna at _________.
4. Nagsagawa ang Koa Squad ng storytelling activity para sa mga anak ng miyembro ng CARD MRI sa lungsod ng Cebu, tampok ang storybook na "Si Ellie at ang ibong _______."
5. Maliban sa puno ng pandan na itinanim ng mga kawani ng CARD MRI sa CDO, ano pang puno ang itinanim ng organisasyon sa Misamis Occidental noong Marso 9, 2024?
6. Para kanino nakatuon ang bagong savings product na inilunsad ng CARD MRI Banking Group?
8. Ito ang itinatanim at pinalalaki nina Girly at Randy Salvador, isang kliyente ng CARD SME Bank mula sa Silang, Cavite.

